# "Aking KALIGAYAHAN"

NOBELA NI P.A. LIJAUCO
GUHIT NI P. JUSTIMBASTE

ANG NAKARAAN:

SA MAHUSAY NA PANLILINLANG NI RONNIE, ANG NALALABING PINAGBILHAN SA LUPA'T BAHAY AY NAKUHA NIYA KAY CONCHITA... AT HABANG SI CONCHITA AY ABALA SA PAGHAHANDA SA PANGAKO NIYANG PAGPAPAKASAL, AY MINAMADALI NAMAN NIYA PASANGAYUNIN SI LULU SA BALAK NIYANG PAGTATANAN...

IKA-40-LABAS







MATAPOS MAIPAGBILIN NI RONNIE KAY LULU, ANG MGA KAILANGAN NILA SA PAGKUHA NG LISENSIYA SA KASAL, AY UMUWI NA ANG DALAGA. SI RONNIE NAMAN, AY HINDI NAG-AKSAYA NG PANAHON. NANG HAPONG RING IYON AY NAGSADYA SIYA SA ISANG MATALIK NIYANG KAIBIGAN.
"SERIOUS" AKO SA ISANG ITO TONY. KAILANGAN KO ANG IYONG TULONG UPANG KAMI AY MAKASAL AGAD.
BASTA TOTOHANANIN MO, AY AREGLADO. ALAM MO, E, AYAW KONG MASALI SA GUSOT, NGUNI'T KONG GANYAN AY MAAASAHAN MO ANG AKING TULONG...
SA PANGAKONG IYON NG KAIBIGAN AY NASISIYAHANG UMUWI SI RONNIE. NAGULAT PA SIYA NANG DATNAN NIYA SI CONCHITA, NA ABALA SA PAGHAHANDA NG "IMBITASYON".
IKAW PALA, "DEAR". TAMA NA KAYA ITO. BASAHIN MO...
BUONG-BUO ANG PANINIWALA NIYANG SIYA'Y AKING PAKAKASALAN.
MATAPOS NIYANG KUNWA'Y BASAHIN ITO, AY...
MAGANDA... AKO NA "HONEY" ANG MAGPAPAGAWA NITO. MAY KILALA AKONG MAHUSAY NA IMPRENTA.
LALONG MABUTI DEAR. IPAGAWA MONG "FIRST CLASS," HANE?
'DI KASI NAMAN "FIRST CLASS" ITO SA BASURAHAN.
MADALING IPINAGHAIN NI CONCHITA SI RONNIE, AT...
HMMM... TALAGANG NAPAKASARAP MONG MAGLUTO "HONEY"
SAAN KAYA MABUTING GAWIN ANG ATING "WEDDING BREAKFAST" SA "SKY ROOM" O SA "MANILA HOTEL"?
IKAW NA ANG BAHALA. KUNG SAAN MO INAAKALANG MABUTI, "HONEY".
KAAWAAWA RIN NAMAN ITONG SI CONCHITA... NGUNI'T TALAGANG GANYAN ANG BUHAY... ISANG MANGLILINLANG AT ISANG MALILINLANG, KAYA WALA AKONG MAGAGAWA... "SORRY NA LANG."
ITUTULOY